

Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center



بطيركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطيرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt

Πατριάρχης

222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر

Tel: 024822580

Fax: 0235365880

email: office@popetawadros.org

تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Tagalog – Nativity 2024

Ang Liham ng Santo Papa sa lahat para sa Maluwalhating Pista ng Kapanganakan, 2024

Sa Ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu, Isang Diyos, Amen

Binabati ko kayo, aking mga minamahal sa buhay para sa Bagong Taon at para sa Maluwalhating Kapistahan ng Kapanganakan. Binabati ko kayo mula sa lupain ng Ehipto, mula sa lupain ni San Marcos na Apostol, ang Ebanghelista ng Ehipto. Binabati ko kayo sa kapistahan na ito. Ako ay nagpadala ng pagbati sa ngalan ng lahat ng Copts sa Ehipto. Sa lahat ng Coptic diyosesis at simbahan sa buong mundo. Binabati ko ang mga ama; ang mga metropolitan at mga obispo. At ang mga saserdote (mga pari), mga hegumen, at mga presbitero. Binabati ko ang mga lupon ng simbahan at mga diakono. Binabati ko ang lahat ng mga taong Coptic na nagdiriwang ng Pasko ayon sa kalendaryong Silangan na pumapatak sa ika-7 ng Enero

Maraming paglalarawan sa araw ng Pasko. Marahil ang mahalagang tanong inaalala nating lahat ay: “Nasaan si Kristo?” Ang mundo ay may maraming kaguluhan, digmaan at hindi pagkakasundo. Ngunit ang tanong na tinatanong mula pa noong pagkakatawang-tao ni JesuKristo ay: “Saan natin matatagpuan si Hesus?” Nang magpakita ang anghel sa mga pastol at sinabi sa kanila: “Dinadala ko sa inyo ang mabuting balita na malaking kagalakan na maging sa lahat ng tao.” (Lucas 2:10), sila ay mga pastol na gumagawa ng pinaka simpleng trabaho. Ngunit sa parehong oras, sila ay nag-aalaga ng mga tupa. Sila ay nasa disyerto. Sa gabi, binabantayan nila ang mga kawan na kanilang pinapastol. Pagkatapos ay nalaman natin na nang ipahiwatig sa kanila ng anghel ang malaking kagalakan na ito, ang mga pastol na ito ay pumunta sa sabsaban at nakita si JesuKristo bilang isang sanggol na nababalot ng mga lampin. Ito ang kanilang kagalakan. Pagkatapos nilang makita si Kristo, sila ay umalis na. Ang parehong tanong ay ibinigay sa mga pantas ng Silangan, ang Magi, na ayon din sa kanilang mga aklat, kaalaman, at pagsasaliksik sa mga bituin, kapag ang isang bituin na may mga espesyal na katangian ay lumitaw at gumagalaw mula silangan hanggang kanluran, ang resulta ay maabot nila ang bagong silang na Hari ng mga Hudyo. Napagod sila sa paglalakbay. Alam nating lahat na ang mga posibilidad sa paglalakbay noong unang panahon ay napakalimitado. Ilang linggo at buwan ang inabot nila. Dumating sila sa bahay ng hari na ipinanganak sa Bethlehem. Natagpuan nila siya at ibinigay sa kanya ang kanilang mga regalo: ginto, kamangyan at mira. Ang parehong tanong, “Saan natin matatagpuan ang ipinanganak na Kristo?”, ang nasasakupan ni Herodes, Hari ng Judea. Ngunit ang kanyang puso ay masama. Kaya, gusto niyang hanapin ang sanggol. Nagkunwari siya na gusto niyang parangalan Siya bilang isang hari. Pero sa katunayan, may tinatago siyang kasamaan. Narinig natin noon na si Herodes ang nagutos na patayin ang mga anak ng Bethlehem. Ang kanyang puso ay masama.

Ang tanong na bumabagabag sa atin habang ipinagdiriwang natin ang Pasko: “Saan natin matatagpuan si Kristo?” Marahil ay hinahanap natin si Kristo sa malalaking bahay at marangya at

mamahaling lugar. At mga lugar na nabubuhay sa karangyaan ng teknolohiya sa lahat ng anyo nito. O sa mga lugar kung saan nagkakamali tayo ng iniisip na si Kristo ay nananahan. Tulad ng mga lugar ng mga palasyo at mga lugar ng mahusay na pamumuhay. Ngunit ang katotohanan ay matatagpuan natin si Kristo sa mga lugar na hindi natin inaasahan. Marahil ay matatagpuan natin Siya sa isang lugar tulad ng Bethlehem. Ito ay isang maliit at malabong nayon na walang nakakaalam. Hindi natin Siya matatagpuan sa mga tahanan ng tao, ngunit sa sabsaban ng mga hayop. Natagpuan natin Siya sa isang lugar kung saan hindi natin inaasahan na naroon Siya. Ang lugar na ito ay mailalarawan sa pagiging simple at kadalisayan. Kaya naman, kapag gusto mong hanapin si Kristo, hanapin mo Siya sa mga simpleng lugar at dalisay na lugar. At mga lugar na inilalarawan sa kadalisayan, kabanalan, at kawalang-kasalanan sa buhay. Matatagpuan natin si Kristo sa mga mahihinang puso. Hanapin Siya. Kaya naman, mga minamahal, kung nais mong ipagdiwang ang Pasko, ang pagdiriwang ay hindi lamang tungkol sa mga bagong damit, pagkain, Christmas tree, at maraming dekorasyon. Ito ay isang masayang pagdiriwang, ngunit ito ay nasa antas ng lipunan. Sa espirituwal na antas, kailangan mong hanapin si Kristo at hanapin ang Kanyang bakas. Hanapin mo Siya, upang makita Siya at maging masaya sa piling Niya. Hanapin Siya sa bawat mapagpakumbaba na tao. Hanapin Siya sa bawat tao na naghahanap ng kapayapaan. Hanapin Siya sa bawat taong gustong maglingkod sa iba. Hanapin si Kristo.

Naalala ko na isang araw isang grupo ng mga kabataang lalaki mula sa bansang Australia ang dumating at humiling na maglingkod. Kaya, ipinadala ko sila sa isang maliit na nayon sa Beheira Governorate, malapit sa Alejandria. Nang bumalik ang mga kabataang lalaki mula sa paglilingkod sa nayong ito, ang tanging pananalitang sinabi nila sa akin ay: “Doon namin natagpuan si Kristo.” Kaya, ang pagdiriwang ng Pasko ay hindi pagdiriwang ng pagtanggap. Ito ay isang pagdiriwang ng pagbibigay, na nagbibigay ka. Mag-alok ng iyong pagsisikap, oras, karunungan, pera, at serbisyo. At sa pamamagitan ng mga handog ng taong ito ay makikita mo si Kristo. Huwag mabuhay para sa iyong sarili at huwag mamuhay nang mag-isa at makasarili. Ngunit mabuhay para sa iba. At hanapin ang lahat ng kaluluwang may kahinaan. Ang mga kaluluwang dumaranas ng kahirapan, sakit, o problema, o nabibigatan, gaya ng sinasabi ng Bibliya. Gawin ang Pasko na hindi lamang ang oras ng kapanganakan ni Kristo na ipinagdiriwang natin sa pagtatapos ng buwan ng Kiahk. Ngunit gawin ang Pasko sa buong taon habang hinahanap mo si Kristo sa lahat ng dako. Ang magiging resulta ay makakatagpo ka ng malaking kagalakan na magpupuno sa iyong puso.

Naalala ko ang isang magandang kwento tungkol sa isang lalaking nagtitinda ng mga Christmas tree. Nang gusto niyang ibenta ang kanyang mga huling puno noong Bisperas ng Pasko, walang lumapit upang bumili nito. Siya ay uuwi na bigo nang walang sapat na kita. Wala siyang sapat na pera upang magdala ng pagkain o magbigay ng regalo sa kanyang anak na babae. Kaya, iminungkahi ng kanyang anak na babae, dahil malapit nang matapos ang Pasko, kunin mo ang mga punong ito at iregalo sa iba. Nagsimula siyang pumili ng ilan sa mga bahay sa kapitbahayan kung saan siya nakatira. Kaya, pumunta siya sa unang bahay at nagbigay ng isang Christmas tree bilang regalo. Tinanggap ito ng may-ari ng bahay, isang lalaki at ang kanyang asawa na may malubhang karamdaman. Tuwang-tuwa sila sa puno na iyon. Pagkatapos ay pumunta siya sa pangalawang bahay para magbigay ng puno. Nalaman niyang nawalan ng anak ang ina sa bahay na ito. Malungkot siya at ayaw niyang ipagdiwang ang Pasko. Nang iregalo niya sa kanya ang puno, nanumbalik ang kanyang kagalakan sa Pasko. Pagkatapos ay pumunta siya sa ikatlong bahay upang magbigay sa kanila ng isang puno. Natagpuan niya ang isang mag-asawa na may alitan, at ang asawa ay malapit nang makipaghiwalay. Nang ibigay niya ang puno, natuwa sila sa puno at

nagsaya sa Pasko. Ang magandang resulta ay sa unang bahay kung saan kasama ng asawang lalaki ang kanyang may sakit na asawa, gusto nilang ipahayag ang kanilang kagalakan, kaya't nagbigay sila ng pagkain sa lalaking ito. Pagkatapos, ilang sandali pa, sa pangalawang bahay, ang ina na nawalan ng anak na babae ay gustong ipahayag ang kanyang kagalakan at binigyan siya ng regalo. Siya ay nag gagantsilyo ng isang panglamig na kasuotan para sa kanyang anak na babae na namatay. Kaya naman, kinuha niya ang panlamig at ibinigay ito sa lalaki bilang regalo. Kaya, kinuha ito ng ama at ibinigay bilang regalo sa kanyang anak na babae. Ang ikatlong bahay, na ang mag-asawa ay malapit ng maghiwalay, nang dumating sa kanila ang Christmas tree, nagsimulang suriin ng mag-asawa ang kanilang sarili at pinunit ang mga papeles ng paghihiwalay. At ang kapayapaan ay nanahan sa bahay. Pagkatapos nilang magsama-sama, nagregalo sila sa lalaking ito. Tuwang-tuwa ang lalaking ito at ang kanyang anak na babae sa pagkain at mga regalo. Ito ang kanilang kagalakan sa Pasko.

Ikinagagalak kong ipadala sa inyo ang mensaheng ito. Sa lahat ng ating simbahan at parokya. Masaya ako na nagkakilala tayo sa pamamagitan ng mensaheng ito sa ating pagdiriwang ng Pasko. Hinihiling ko ang para sa inyong kagalakan at kaligayahan na pumupuno sa iyong mga puso sa araw ng Pasko at sa simula ng bagong Taon. Inuulit ko ang aking pagbati sa inyong lahat, sa lahat ng simbahan, diyosesis, at monasteryo, at sa lahat ng paaralan at seminaryo. Ipinapadala ko ang pagbati sa inyo mula sa lupain ng Ehipto, na pinagpala ng pagbisita ng Banal na Pamilya noong unang siglo AD. Ito ay pinagpala ng mga propesiya na ating nabasa sa aklat ni Isaias. Binasbasan din ito ng pangangaral ni San Marcos na Apostol. Nawa'y protektahan kayo ng Diyos at sumainyong lahat. Manigong Bagong Taon at Maligayang Pasko

Amador II